


Ospital ng Queen Mary

Pangangalaga sa Pasyente Pagkatapos ng
Pagsasalin ng Atay at Pagpapakilala sa mga
Komplikasyon Pagkatapos ng Pagsasalin ng
Atay

Pangangalaga sa Pasyente Pagkatapos ng Pagsasalin ng Atay



Ver. : 10/2018

Pangkalahatang impormasyon pagkatapos ng pagsasalin ng atay

1) Sa Intensive Care Unit

Pagkatapos ng 10 oras na operasyon sa pagsasalin ng Atay, **ililipat ka sa Intensive Care Unit (ICU) para sa masusing pangangasiwa.** Ang mga doktor mula sa grupo ng Tagapagsalin ng Atay ay patuloy na pangangasiwaan ang iyong paglunas.

Pinaka-kritikal ang unang dalawang araw pagkatapos ng operasyon. **Ikaw ay nakakabit sa ibang mga kagamitan sa pagtingin, drainage, arterial o venous catheters, o sa ventilator, atbp.** Oobserbahan at magtatasa ang mga medikal na kawani sa iyong kondisyon sa tulong ng mga kagamitan sa pagtingin. Sa pangkalahatan, ikaw ay mananatili at oobserbahan sa ICU sa loob ng 2 – 3 araw, o higit pa. Kung panatag na ang iyong kondisyon, ikaw ay ililipat sa Sentro ng Pagsasalin ng Atay para sa iba pang pangangasiwa at obserbasyon. Babantayan ng mga doktor ang itong paggaling araw araw at magdedesisyon sa iyong paglipat.

2) Babalik sa General Ward sa Center para sa Pagsasalin ng Atay

Habang nanantili sa ward, kailangan mong sundin ang mga payo at tagubilin ng mga medikal at mga nars na kawani. Huwag mag-alala at magalit. Makakatulong ang suporta ng iyong pamilya at mga kaibigan sa iyong paggaling.



Sentro para sa Pagsasalin ng Atay

Pangangasiwa ng Sakit ng Sugat Pagkatapos ng Operasyon

Ikaw ay bibigyan ng Analgesia para sa Pagkontrol ng Pasyente (PCA) sa intravenous na paraan para sa pagkontrol ng sakit pagkatapos ng operasyon. Magbibigay ang mga doktor at mga anesthetists ng iniinom o pinapadaan sa kalamnan na mga gamot ng regular. Maaari ka ring magtanong sa mga medikal at nars na mga kawani para sa mga gamot o kung kinakailangan ng iba pang impormasyon.

Pagtingin sa dugo pagkatapos ng operasyon

Pagkatapos ng pagsasalin, **susuriin ang iyong dugo araw araw. Kailangan mong sundin ang mga alituntunin na ibinigay ng mga kawaning nars at tumanggap ng FK506 o Sirolimus, atbp. pagkatapos ng pagkuha ng dugo.** Itatama ng mga doktor ang antas ng gamot araw araw sa pamamagitan ng pagbago ng dosis ng gamot kung naaangkop at magtasa sa progreso ng iyong paggaling.

Diyeta Pagkatapos ng Operasyon

Pagkatapos ng operasyon, papayuhan ka ng mga doktor na ibalik ang iyong regular na diyeta sa lalong madaling panahon upang makamit ang sapat na nutrisyon. Sa unang pagkakataon na ibabalik mo ang iyong diyeta, mararanasan mo ang kawalang ganang kumain, pagduduwal, kabag, o pati pagsusuka. Maaaring dahilan ito ng mga natirang epekto ng anesthesia at ang mabagal na pagdumi pagkatapos ng surgery. Gagaling ka sa loob ng ilang araw at kalaunan ay gagaling din ang iyong lakas kumain. **Inirerekomenda naming na bawasan ang regular na laki ng pagkain at kumain sa pagitan ng mga regular na kain. Huwag masyadong magpakabusog at iwasan ang pagkonsumo ng mga likido bago o pagkatapos ng pagkain.** Isasaayos ng nars ang iyong malinis na

diyeta at iniinom na tubig, tignan ang Larawan 1, upang hindi ka na dalhan pa ng iyong pamilya ng pagkain. Makikita ka rin ng dietitian at ang mga disenyo ng plano para sa pagkain pagkatapos ng surgery.



Larawan 1: Tubig at malinis na diyeta para sa Pagsasalin Pagkatapos ng Operasyon

Ehersisyo at Pangangalaga Pagkatapos ng Operasyon

Bukod sa pagkakaran ngsapat na nutrisyon at pag-inom ng mga gamot sa tamang oras, kailangan din ng bahagyang pag-ehersisyo para sa paggaling. Sa mga unang araw o kahit 1 – 2 oras kada gabi. Mangyaring gumawa ng mas marami pang ehersisyo sa paghinga dahil nakakatulong ito sa iyong baga na lumawak at hayaan kang iubo palabas ang plema ng mas madali o gumamit ng breather exerciser na maaaring makasakit sa kanya (tignan larawan 2)



Larawan 2: Ehersisyo ng Paghinga

Bukod dito, tuturuan ka ng physiotherapist na mag ehersisyo sa iyong binti sa pamamagitan ng pagbisikleta, tignan ang Larawan 3, upang lumakas muli ang kalamnan sa iyong mga binti, tumaas ang pagdaloy ng dugo, at mabawasan ang antas ng panganib para sa komplikasyon gaya ng nakalalasang thrombosis ng binti. Ang yugto ng ehersisyo, hal. walking, ay maaaring itaas ng kalaunan.

]



Larawan 3: Bike: ehersisyo para sa binti

Pinansyal na Kahirapan

Ang isang kawani ng medikal na tagapag-alaga ng lipunan ay makapagbibigay ng tulong kung kinakailangan. Mangyaring tumawag sa nars ng aming ward.

Pagbagsak ng mga Paa

Kunsakaling mangyari, magbubuo ang occupational therapist ng isang pares ng splint upang mapanatili ang baluktot ng paa at maiwasan ang kondisyong lumala pa. Tignan ang Larawan 4.



Larawan 4: Benda sa Paa

Gabay sa pang-araw araw na kalinisan

1) Personal na kalinisan

Ang personal na kalinisan ay kinakailangan bago at pagkatapos ng operasyon. Ang paliligo araw araw ay nakakatulong mapanatiling malinis ang iyong balat at maiwasan ang paglago ng mga bakterya. Kung nag-aalala ka na ang iyong sugat ay maaaring Mabasa habang naliligo, inirerekomenda naming linisin ang iyong katawan gamit ang basing twalya at magpalit ng mga damit na hapit sa iyong katawan araw araw habang nasa ospital nang may tulong mula sa iyong mga pamilya o tumutulong na mga tagapangalaga ng kalusugan sa ospital. Kapag magaling na ang sugat at tinanggal na ang staple, maaari ka nang maligo ng tama. Tandaang tuyuin ang lahat ng mga awang sa hiwa at panatilihin ang hiwa na tuyo at malinis. **Kung mayroong lumalabas sa dugo mo o may suspetsa kang may impeksyon, tumawag ng doktor agad agad.**

Kung maisip mo na tuyo ang iyong balat, maaari kang maglagay ng lotion panligo at maglagay ng moisturizing lotion pagkatapos maligo.

Bukod pa rito, importanteng mapanatiling malinis ang iyong bahay. Regular na linisin ang iyong bahay (hal. isang beses kada linggo) upang maalis ang mga peste at maiwasan ang impeksyon. Bilang karagdagan, maaari kang gumamit ng 1:99 na bleach upang linisin ang iyong palikuran at lahat ng daanan ng tubig.



2) Itigil ang paninigarilyo at pag-inom

Huwag manigarilyo at uminom. Nakakasira ng baga ang paninigarilyo at binibigyan ka ng impeksyon sa baga. Mas nakakasakit sa atay ang alkohol. Mangyaring itigil na ang pag-inom.



3) Iwasan ang mga mataong pampublikong lugar

Sa unang 3 buwan pagkatapos ng pagsasalin ng atay, kailangan mong iwasan munang bumisita sa mga matataong pampublikong lugar tulad ng sinehan, kainan, department stores, atbp. Kung hindi ito maiiwasan, magsuot ng face mask at magsagawa ng paglilinis ng kamay sa mga pampublikong lugar. Iminumungkahi naming na magsuot ng face mask ang iyong mga kaibigan at kamag anak kung nais ka nilang bisitahin sa unang 3 buwan pagkatapos ng pagsasalin ng atay.

Iwasan ang paghawak sa mga hayop at ibon upang maiwasan ang impeksyon.

4) Ehersisyo at mga Aktibidad Panlipunan

Habang nasa yugto ng pagpapagaling o sa unang ilang linggo matapos makalabas ng ospital, madali kang makararanas ng kapaguran. Mangyaring magsagawa ng ehersisyo ng malalim na paghinga at magpahinga ng mas madalas. Minsan ay makakaramdam ka ng kahinaan ng kalamnan sa buo mong katawan, partikular na sa may binti. Ito ay resulta ng kawalang panahong mag ehersisyo pagkatapos

ng surgery at epekto ng steroid. Upang mapagtibay ang kalamnan ng iyong binti, inirerekomenda na unti unting itaas ang antas ng pag-eehersisyo. Ang paglalakad, pamimisikleta, at pag eehersisyo gamit ang elektronikong bisikleta para sa ehersisyo ay ilan sa magagandang mapagpipilian.

Kung nakakaramdam ka ng anu mang hindi magandang pakiramdam habang nag-eehersisyo, tulad ng pagkahapo, pagkahilo, sakit sa dibdib, tachycardia o pagkabog ng dibdib, ihinto agad ang ehersisyo at magpahinga. Kung hindi bumuti ang sitwasyon, maaari kang humingi ng payo mula sa iyong mga doktor.

Maaaring mapaghusay ng pag eehersisyo ang lakas ng iyong kalamnan, mabawasan ang epekto ng ibang mga gamot at maiwasan ang pagtitibi. Subalit sa unang tatlong buwan pagkatapos ng pagsasalin ng atay, kailangan mong iwasan ang mga trabahong nangangailangan ng pagbubuhat ng mabibigat na bagay at ang pag-eehersisyo. Samakatuwid, maaari mong gawin ang anu mang nais mo ng paunti unti, tulad ng sit-ups, pag-ehersisyo sa tiyan at paglangoy, na nakakatulong na magpahigpit ng kalamnan sa tiyan, at panatilihing patag ang iyong tiyan. Hinihikayat ka naming magbalik sa paaralan o trabaho sa lalong madaling panahon, ngunit sa unang 3 buwan ng pagpapagaling, mangyaring humingi ng payo mula sa mga doktor at ikonsidera ang kondisyon ng iyong kalusugan bago magsagawa ng desisyon.

Kung may plano kang maglakbay sa ibang bansa, mangyaring humingi ng payo muna sa mga doktor ng Grupo ng Pagsasalin.



5) Pangangalaga sa Ngipin

Pagkatapos ng pagsasalin ng Atay, kailangan mong alalahanin ang kalinisan ng bibig at panatilihin malusog ang iyong ngipin. Parating magsipilyo at magmumog pagkatapos kumain. Kung tumatanggap ka ng pangangalaga o paglulunas sa ngipin, **mangyaring ipaalam sa dentist ana ikaw ay isang pasyente ng pagsasalin ng atay at ikaw ay kasalukuyang umiinom ng immunisuppressant.**



6) Pagbubuntis

Para sa mga babaeng pasyente, maaaring panandaliang huminto ang buwanang dalaw pagkatapos ng surgery, ngunit mayroon pa ring pagkakataong mabuntis. Panatilihin ang paggamit ng mga paraan ng contraception. Pinapayuan kang maghintay ng mga isang taon pagkatapos ng iyong pagsasalin bago mo subukang magbuntis.

Maaaring makasagabal ang immunosuppressant sa epekto ng ilang mga paraan ng iniinom na contraceptive na gamot. Kung nais mong uminom ng contraceptive na gamot, mangyaring talakayin ito sa iyong doktor.

Kung mapagdesisyunan mong magkaron ng anak, mangyaring talakayin ito sa mga doktor ng Grupo ng Pagsasalin. Bagamat mayroon mga kababaihan na may kakayahang mag-anak pagkatapos ng pagsasalin ng atay nang may maliit

na antas ng panganib sa ina at anak, ang mga buntis na tatanggap ng pagsasalin ay kailangang masusing obserbahan.

7) Iwasan ng pakikisalamuha sa mga pasyenteng may nakakahawang sakit

Kung ang iyong mga kaibigan o kamag-anak ay dumaranas ng nakakahawang sakit tulad ng trangkaso at pneumonia, o mga partikular na nakakahawang sakit tulad ng bulutong, herpes, o hepatitis, iwasan ang pisikal na pakikisalamuha sa kanila. Kung sila ay miyembro ng sambahayan, kailangan nilang magsagawa ng pag-iingat, halimbawa, gumamit ng bukod na kagamitan sa kusina, at takpan ang kanilang mga bibig kapag umuubo, atbp. Importante rin para sa iyo na magsuot ng face mask at magsagawa rin ng paglilinis ng kamay ng madalas. Subalit, posible pa rin para sayon a maimpeksyon.

Kung ikaw ay naimpeksyon, kailangan mong ipaalam ito agad sa mga doktor ng Grupo ng Pagsasalin, na magbibigay sa iyo ng payo at magsasaayos ng naaangkop na paglunas.

Mga gabas sa mga follow-up na bisita pagkatapos ng pagsasalin ng atay

Pagkatapos lumabas ng ospital, ikaw ay responsable sa pagpapatuloy ng mga naaangkop na lunas at pangangalaga ayon sa paying ibibigay ng Grupo ng Pagsasalin ng Atay. Pagkatapos lumabas, kailangan mong magpunta sa Klinika ng Pagsasalin ng Atay sa 4/F, Block S, Klinika ng Espesyalista, Ospital ng Queen Mary para sa kaaraniwang follow-up ayon sa iskedyul. **Kung mayroon kang mapansing hindi normal sa iyong katawan, mangyaring iulat ito sa Grupo ng Pagsasalin ng Atay para sa iba pang pagmamahala.**

1) Hotline para sa Senter ng Pagsasalin ng Atay

Kung mayroon kang mga problema pagkatapos lumabas, tumawag sa: Hotline: 2255 5800 (nagrekord ang tawag) (Lunes hanggang Biyernes) Tatawagan ka naming sa oras ng opisina

Paalala: Kung hindi maganda ang pakiramdam, tulad ng pagkakaroon ng lagnat, pagsusuka at pagtatae, agad na humingi ng medikal na tulong sa lalong madaling panahon.

2) Bumalik para sa follow-up ayon sa iskedyul

Sa pangkalahatan, ang pagbisita para sa follow up ay mas madalas sa mga unang yugto pagkatapos lumabas ng ospital. Kinakailangan mong bumalik para sa follow-up, upang mabigyan ka ng doktor ng ligtas at naaangkop na tagubiling medikal.

Ang hindi pagtanggap at impeksyon ay karaniwang nakikita sa mga pasyente ng pagsasalin ng atay, kung kaya't kailangan mong sumailalim sa mga pagsusuri sa dugo at pagtatasa. Mangyaring alalahanin na dalhin ang kinakailangang dosis ng immunisuppresant hal. FK506 sa araw ng pagbisita sa follow-up, at inumin ito

pagkatapos makunan ngdugo sa mga klinika na hindi kailangang manatili sa ospital (hindi inilalabas ang gamot sa S4 OPD setting).

Para sa mga pasyenteng may diabetes mellitus: Kung walang natatanging tagubilin, mangyaring mag-almusal at magtusok ng insulin bago magpunta ng klinika. Kung kinakailangan, isasaayos para sa iyo ang pagsangguni sa espesyalista ng diabetes.


Kailangan mong malinaw na itala ang iyong mga gamot at dosis ayon sa preskripsyon ng mga doktor ng Grupo ng Pagsasalin ng Atay. Magtabi ng sapat na gamot (bilang na sapat lamang hanggang sa susunot na iskedyul ng pagbisita). Kung walang tagubilin ang mga doktor o tawag sa telepono na nagsasabing magpapalit ng gamot, **huwag ititigil o papalitan ang iyong mga gamot.**

3) Follow up

Sa pangkalahatan, ang resulta ng dugo sa araw ng follow up ay hindi mailalabas sa oras na kailangan mong makita ang doktor. Subalit, lahat ng resulta ng pagsusuri ng dugo ay aaralin ng aming mga siruhano ng Pagsasalin ng Atay, at kung mayroon mang pagbabago sa gamot o dosis, tatawagan ka ng aming tagapagsaayos ng pagsasalin ng atay at bibigyan ka ng tagubilin agad agad. Samakatuwid, **kung nagpalit ka ng address o numero ng telepono, mangyaring i-update ang iyong record sa S4 OPD counter sa lalong madaling panahon.**

*****Tapos*****

**Pagpapakilala sa mga
Komplikasyon
Pagkatapos ng
Pagsasalin ng Atay**



Pagpapakilala sa mga posibleng komplikasyon

1. Hemorrhage pagkatapos ng Pagsasalin ng Atay

Ang pinakamataas na antas ng pagdurugo ay sa unang 48 oras pagkatapos ng pagsasalin. Maaari itong mangyari sa tiyan o sa gasto-intestinal tract.

Intra-abdominal na pagdurugo

Sanhi:

Ang Intra-abdominal na pagdurugo ay madalas na pumapangalawa coagulopathy at portal hypertension, at mahirap na hemostasis habang nasa surgery. Ang huling hemorrhage ay maaaring mangyari bilang resulta ng malalang impeksyon na magiging sanhi ng pagputok ng vascular anastomosis.

Lunas:

1. Itama ang problema sa pagbara sa pagbibigay ng mga produktong para sa dugo.
2. Hemostasis sa pamamagitan ng bukas na surgery.

Gastrointestinal na pagdurugo

Sanhi:

Ang Gastrointestinal na pagdurugo ay sanhi ng stress ulcers, gastritis, duodenitis, colitis o mataas na dosis ng steroid pagkatapos ng operasyon, karaniwang nangyayari sa unang 3 buwan pagkatapos ng pagsasalin.

Lunas:

1. Magbibigay ng Antacid sa unang yugto pagkatapos ng operasyon at kailangang sundin ng pasyente ang regimen ayon sa payo ng doktor.

2. Endoscopic hemostasis o surgery.
3. Kung mayroong malakas na pagdurugo, kinakailangan ng angiogram at embolization.

2. Vascular stenosis o thrombosis

Hepatic artery stenosis o thrombosis

Sanhi:

May kinalaman ito sa arterial anastomotic na teknik habang nasa surgery o tension pagkatapos ng anastomosis.

Senyales at Sintomas:

Hindi tamang paggana ng atay, nabagong estado ng pag-iisip, hypotension, coagulopathy, lagnat, panginginig, jaundice at sakit sa tiyan.

Lunas:

Agarang CAT scan o arterial angiogram upang makita ang thrombus. Kung makita o may suspetsa ng thrombus:

1. Agarang operasyon upang ma-inspeksyon, tanggalin ang thrombus at muling isagawa ang anastomosis.
2. Pagsasalin ng anti-thrombolytic agent kung kinakailangan
3. Kung nabigo ang paglunas, kailangan ng muling pagsasalin

Portal vein stenosis o thrombosis

Sanhi:

Maaaring sanhi ng umiiral na portal hypertension o portal vein thrombus bago ang surgery.

Senyales at Sintomas:

Maaaring may hindi tamang paggana ng atay, huling oras ngpag-ampat ng dugo, malalaking ascites, senyales ng portal hypertension at variceal na pagdurugo.

Lunas:

1. Ang Thrombectomy at pagbabago ng portal vein anastomosis sa maagang yugto pagkatapos ng operasyon
2. Maaaring kailanganin ng Percutaneous dilation sa pamamagitan ng angiography sakaling makakita ng portal vein stenosis upang maitama ang kondisyon.
3. Kung labis na nasira ang paggana ng atay, kakailanganin ng muling pagsasalin.

Ang vascular thrombosis ay isang seryosong komplikasyon. Maaari nitong mapinsala ang paggana ng liver graft. Samakatuwid, importante ang maagang pagtuklas nito. Sa kasalukuyan, ang mga siruhano ng pagsasalin ng atay ay magsasagawa ng ultrasound abdomen sa bawat pasyente ng pagsasalin ng atay pagkatapos ng operasyon araw araw upang maagang matuklasan ang mga problema. Tignan ang larawan 1 sa ibaba



Larawan 1: Makina ng Vascular Ultrasound

3. Pagkaipit ng Bile duct o Harang

Sanhi:

Ang pagkaipit ng bile duct ay isang karaniwang problema pagkatapos ng pagsasalin. Ang lugar ng anastomosis ng bile duct ay isang karaniwang lugar ng pagkaipit. Kabilanga sa mga salik ng panganib ang impeksyon sa virus,

pinasalang ischemic, ABO, hindi pagtugma, labis na pagtangga, at impeksyon sa bile duct.

Senyales at Sintomas:

Lagnat, panginginig, jaundice, sakit sa tiyan at pruritus

Lunas:

1. Balloon dilatation ng ipit gamit ang Endoscopic Retrograde Cholangiopancreatography (ERCP).
2. Percutaneous Transhepatic Biliary Drainage (PTBD).
3. Ang pagkaipit ng Anastomosis ay maaaring maayos sa pamamagitan ng surgery.

4. Pagtagas ng Bile

Ang pagtagas mula sa lugar ng bile duct anastomosis o sa lugar na pinagputulan ng atay.

Sanhi:

Teknikal na salik o thrombosis ng hepatic artery

Senyales at Sintomas:

Lagnat, sakit at distension ng tiyan, lumalabas ang bile mula sa drainage tubing

Lunas:

1. Uminom ng Antibiotic.
2. Endoscopic Retrograde Cholangiopancreatography (ERCP).
3. Kung mangyari ang pagtagas sa anastomosis, kakailanganing baguhin ang anastomosis.

5. Impeksyon:

Sanhi:

Maaaring makaranas ang pasyenteng nasalanan ng bacterial, fungal, o viral na impeksyon pagkatapos ng operasyon. Ang mga gamot na immunisuppressant na ibinigay upang maiwasan ang hindi pagtanggap ng graft ay maaaring magbigay ng mas mataas na antas ng impeksyon sa mga pasyente. Ang malalang impeksyon ay maaaring magdulot ng sepsis, pagkabigo ng mga organ, na maaaring magresulta sa kamatayan.

Senyales at Sintomas:

Lagnat (temperature ng katawan hanggang 37.6°C o 100°F), pangiginig na karamdaman, pagkahapo, labis na sakit ng tiyan o distension, malalang pagsusuka o pagtatae.

Lunas:

1. Kailangan ang personal na kalinisan.
2. Iwasang makisalamuha sa mga pasyenteng may nakakahawang sakit.
3. Ibinibigay ang mga prophylactic anti-infective na mga gamot habang nasa operasyon at pagkatapos ng operasyon.
4. Kumonsulta sa doktor kung mayroong senyales at sintomas ng impeksyon.

Sa kasalukuyan, ang grupo ng pagsasalin ng atay ay magbibigay ng antibiotic, anti-viral, at anti-fungal na mga gamot sa loob ng 3 buwan pagkatapos ng pagsasalin ng atay. Para sa pasyenteng may sakit sa bato, iiusog ng doktor ang mga gamot na ito ng bukod.

Hindi Pagtanggap Pagkatapos ng Pagsasalin ng Atay

Sanhi:

Pagkatapos ng pagsasalin ng atay, magiging aktibo ang immune system ng iyong katawan upang labanan ang iyong bagong atay na nagiging sanhi ng hindi pagtanggap. Kinakailangan ang immunosuppressant na gamot upang maiwasan ang hindi pagtanggap.

Senyales at Sintomas:

Kadalasan ay walang senyales at sintomas sa maagang hindi pagtanggap, ngunit sa bandang huling yugto ng hindi pagtanggap, maaring magkaroon ng:

1. Paninilaw ng mata at balat
2. Madilim na kulay ng ihi
3. Lagnat
4. Sakit sa Lugar ng Atay

Lunas:

1. Immunosuppressants upang maiwasan ang di pagtanggap tulad ng Tacrolimus (FK506), Mycophenolate mofetil (MMF) atbp.
2. Kailangang sundin ng pasyente ang regimen ayon sa tagubilin ng doktor.

Kung makita ang anuman sa mga sintomas, mangyaring tumawag sa aming senter para sa pagsasalin ng atay sa lalong madalinig panahon:

1. Pagtatae sa loob ng 24 hours
2. Pagduduwal o pagsusuka na pumipigil sa iyong pag-inom ng gamot

Huwag mag-alala. Kung ikaw ay magf-follow up ayon sa aming iskedyul, ang resulta ng dugo na kinuha sa araw ng follow up at susuriin ng aming grupo ng mga doktor. Tatawagan ka naming kung mayroon mang makitang mga problema.

*****Tapos*****

Ospital ng Queen Mary	Pamplata ng Paksa and Code ng Departamento
Pagmamay-ari	QMHSrgery-52
Huling pag-aaral/ rebisyon	Mayo /2021
Pagtanggap	Nagtatrabahong Grupo para sa Pamplata ng Impormasyon ng HKWC
Pamimigay	Ayon sa hiling